# SUSI NG PAGKATUTO'Y HATID NG MARUNGKO

*by:*
**Shiela M. Rivera, EdD**
*Master Teacher I, Magsaysay Elementary School*

Sa mga nagdaang panahon ay mas lumobo ang bilang ng mga Pilipino na hindi marunong magbasa. Ayon sa PhilStar ay patuloy na dinaranas ng ating mga kababayan ang learning poverty na kung saan ang mga mag-aaral ay hindi makaunawa at makapagbasa ng kahit na simpleng teksto lamang. Ito ang dahilan kung bakit nangunguna ang ating bansa sa may pinakamataas na learning poverty sa buong Asya. Sinasabi na labinsiyam na porsyento (91%) ang mga bata na hindi na marunong o hirap pang magbasa. Nakalulungkot isipin na kilala tayong mga Pilipino na likas na matatalino at talentado sa lahat ng larangan ngunit ito ngayon ay unti-unti ng napapalitan ng negatibong reaksyon mula sa ating mga katabing bansa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ano nga ba ang epekto ng hirap sa pagbabasa sa buhay at kaunlaran ng isang tao? Ayon sa mga pag-aaral na nagawa, kapag ang bata ay umabot na sa Grade 4 hanggang Grade 6 at hindi pa rin ito nakababasa ay mahihirapan na siyang matuto at sa kalaunan ay pipiliin na lang na huminto ng pag-aaral dahil sa hiya sa mga kapwa kamag-aral at mga taong nakakasalamuha nito. Sa kasalukuyan, isa sa itinuturong dahilan ng kawalan ng pagkatuto ay gawa ng malawakang pandemya ng COVID-19. Dagdag pa rito ang malalang paglobo ng populasyon kung saan nagkukulang ng mga gamit, classrooms sa paaraalan at ang labis na trabaho ng mga guro bukod sa pagtuturo.

Ang labis na pagdami ng bilang ng mga mag-aaral na hindi makabasa ay naghatid ng ibayong pangamba sa mga guro kaya upang tugunan ito ay gumawa sila ng iba't ibang paraan o intervention tulad na lamang ng paggamit ng Marungko Approach. Ang layunin nito ay sanayin ang mga mag-aaral na bumasa ng flashcards na nagpapakita ng

mga katinig at patinig. Ito ay visual na pamamaraan kung saan ipinapakita ng mga guro ang titik at ipinaririnig ang tunog ng mga ito. Sa approach na ito ay mananatili sa kaisipan ng mga mag-aaral ang bigkas ng bawat pantig. Ito rin ang magbibigay daan upang makapagsulat at makapagbasa ng mahaba-habang teksto ang mga bata ng may pang-unawa.

Ang Marungko Approach ay makatutulong upang mabawasan ang learning poverty sa Pilipinas na nakapagpapababa rin sa ekonomiya ng bansa. Paano pa natin mapapatunayan na "Ang Kabataan ang Pag-asa ng Bayan" kung ang ating mga mag-aaral ay lugmok pagdating sa patalasan ng kaalaman. Wala na tayong mukhang maihaharap pa sa ating pambansang bayani kung tayong mga guro ay walang gagawin upang tulungan ang mga batang hindi makapagbasa. Nasa kamay ng mga guro ang tunay na susi upang mabuksan ang kaisipan ng mga mag-aaral at mahalin nito ang magandang epekto ng dagdag na kaalaman gawa ng kahusayan sa pagbabasa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2023/07/29/2284614/kahirapan-sa-pagkatuto#:~:text=Sa%20pagtaya%20ng%20WB%2C%2091,rehiyon%20ay%2034.5%20porsyento%20lamang.